CITY OF LONG BEACH

4/15/2020

PARA SA AGARANG PAGLABAS Pahayag para sa Press # 041520

Paksa: **Bagong Pangkalusugan na Kautusan (Health Order) Dagdag na Pinoprotektahan ang Mas Matatanda**
Mga Pasilidad na Pangmatagalang Pangangalaga Nasasailalim sa Mas Mahigpit na mga Protokol

Makipag-ugnay sa:
Lungsod ng Long Beach Joint Information Center
562.570.NEWS (Mga katanungan para sa Media lamang)
jic@longbeach.gov (Mga katanungan para sa Media lamang)
MGA RESIDENTE: Mangyaring tawagan ang 562.570.INFO

Long Beach, CA - Ang Lungsod ng Long Beach ay naglabas ng isang bagong kautusan sa kalusugan ngayon na nangangailangan ng pagtataguyod ng mga pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga ng isang hanay ng mga protokol upang mapabagal ang pagkalat ng COVID-19, kabilang ang paghihigpit ng mga patakaran sa pagbisita, pag-utos ng mga pantakip sa mukha at nangangailangan ng araw-araw na pagsusuri ng temperatura para sa mga kawani at residente. Nalalapat ang kautusan sa mga pasilidad na naglilingkod sa mga indibidwal 65 taong gulang at mas matanda o sa mga may ibang kasalukuyang kondisyon sa kalusugan.

"Ang aming pangunahing prayoridad ay dapat protektahan ang mga nasa pinakamataas na panganib na magkaroon ng malubhang komplikasyon mula sa COVID-19," sabi ni Mayor Robert Garcia. "Tinitiyak ng bagong kautusang ito sa kalusugan na ginagawa namin ang lahat ng aming makakaya upang mabawasan ang panganib ng pagkalat sa mga pasilidad na pangmatagalang pangangalaga."

Dahil sa kakaibang mga kondisyon ng pamumuhay at ang likas na katangian ng mga serbisyong ibinibigay, ang mga pasilidad na pangmatagalang pangangalaga ay may mas malaking hamon pagdating sa pagpigil sa pagkalat ng impeksyon. Ang mga protokol sa pisikal na pagdistansya, habang mahalaga, ay hindi sapat sa mga pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga.

Ang bagong kautusan, simula ngayon at hanggang sa susunod na paunawa, ay humihiling sa mga pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga ng mga sumusunod:

- **Limitadong pagpasok -** Ang mga empleyado lamang, unang tumutugon (first responders), medikal na propesyonal o mga nakakontratang mahahalagang manggagawa sa maintenance ay pinapayagan. Ipinagbabawal ang lahat ng mga bisita. Ang pagbisita para sa huling yugto ng buhay (end of life visit) ay pinapayagan pero may mga limitasyon. Pinapayagan ang mga virtual na pagbisita.
- **Mga pantakip ng mukha –** Lahat ng kawani ay dapat magsuot ng mga surgical na mask sa lahat ng oras sa pasilidad. Kapag nasa labas ng kanilang silid, ang mga residente ay dapat

magsuot ng isang surgical mask (kung meron) o isang telang pantakip ng mukha. Kinakailangan ang mga surgical mask para sa lahat ng mga pasyente na may mga sintomas.
- **Mga pagsusuri ng temperatura -** Kinakailangan ang araw-araw na mga pagsusuri ng temperatura para sa lahat ng mga kawani at residente. Ang sinumang pumapasok sa pasilidad ay dapat sumailalim sa pagsusuri ng temperatura at ebalwasyon sa sarili para sa mga sintomas ng COVID-19; ang mga indibidwal na may mga sintomas ay hindi papayagan na pumasok sa pasilidad.

Ang kautusan ay nalalapat sa lahat ng mga Lisensyadong Pasilidad ng Kongregasyon (Licensed Congregate Facilities) sa Long Beach, na kinabibilangan ng:

- Adult Residential Care Facilities (ARF) ng lahat ng mga uri ng lisensya
- Chronic Dialysis na mga Klinika
- Continuing Care Retirement na mga Komunidad
- Hospice na mga Pasilidad
- Intermediate Care na mga Pasilidad ng lahat ng mga uri ng lisensya
- Psychiatric Health na mga Pasilidad
- Residential Care na mga Pasilidad para sa mga matatanda
- Residential na mga Pasilidad para sa mga Pasilidad para sa mga may matagal na pabalik-balik na sakit
- Skilled Nursing na mga Pasilidad
- Social Rehabilitation na mga Pasilidad
- Long-Term Care na mga Pasilidad

Ang aksyong ito ay inilagay ng City Health Officer, Dr. Anissa Davis, at alinsunod sa mga Emergency Power na ipinagkaloob sa City Manager sa pamamagitan ng Proklamasyon ng Lokal na Emergency.

Sa 18 na mga namatay kaugnay ng COVID-19 hanggang ngayon sa Long Beach, 13 ay nauugnay sa mga pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga.

Habang mas mataas ang panganib na magkasakit at mga medikal na komplikasyon, ang Long Beach Health and Human Services (Health) Department ay mahigpit na nakikipagtulungan sa mga pangmatagalang pasilidad sa pangangalaga sa maraming taon upang tumulong, magsubaybay at magpatupad ng mga tamang protokol upang maiwasan ang impeksyon sa mga mas matatanda.

Sa panahon ng pandemya ito ng COVID-19, ang kawani ng Health Department's Communicable Disease Control Program ay regular na nakikipag-usap sa 93 na mga pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga ng Lungsod at nakikipag-ugnayan sa California Department of Public Health na mga infection preventionist upang magbahagi ng pinakamahusay na mga kasanayan na sumusuporta sa mga matatandang nasa Long Beach.
Ang Kagawaran ng Kalusugan ay nagsagawa rin ng personal na kagamitan sa proteksiyon (PPE) na magagamit sa mga pasilidad na walang sapat na mga gamit, na pinaprayoridad ang pagsusuri sa laboratoryo para sa parehong mga residente at kawani, at ina-update ang website ng Lungsod upang matiyak na ang mga pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga ay tumatanggap ng napapanahon na gabay mula sa mga lokal, estado at pederal na awtoridad.

Para sa pinakahuling impormasyon sa COVID-19, na may mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang ating mga residente, bisitahin ang: longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

Para sa higit pang mga balita, larawan, video at mga anunsyo ng kung ano ang nangyayari sa Long Beach, sundan kami sa Facebook, Twitter, Instagram at YouTube.